








# *May* PAG-ASA

**Maaktibong Pag-aaral ng Bibliya**

## PAMBANSANG KAMPANYA SA PAGBABASA NG BIBLIYA

CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

Tagalog - There Is Hope 10-14

# MGA NILALAMAN

**Unang Pag-aaral** Awit 34 1
"Ipagtatangol Tayo ng Diyos"

**Ikalawang Pag-aaral** Awit 37 5
"Paano Matatagpuan ang Tunay na Kagalakan"

**Ikatlong Pag-aaral** Isaias 53 9
"Papapahayag ng Pag-asa para sa mga Makasalanan"

**Ikaapat na Pag-aaral** Isaias 55 13
"Ang Dakilang Paanyaya sa Iyo ng Diyos"

**Pambansang Kampanya sa Pagbabasa ng Bibliya**

**Church Starts International**
P.O. Box 177
Henrietta, TX 76365

billdavis@churchstarts.com
www.churchstarts.com

Ang mga talata ng Bibliya ay hanggo sa
'Tagalog Popular Version
© 2003 Ted Lindwall

**Malinaw na nasasaad sa Bibliya:**


***"Ang Tao ay tiyak na daranas ng kahirapan, kung paanong may alipato na galing sa apuyan." Job 5:7***

Umpisa ng ika-21 siglo, ang problema ng mga tao ay lalong dumami. Ang mga natuklasan ng siyensiya, ang pagiging moderno ng lipunan at ang pag-usad ng edukasyon ay walang patunay na nababawasan ang paghihirap ng mga tao. Kabaliktaran nito, habang ang lipunan ay umuusad sa maraming bagay, mas maraming naghihirap, krimen, sakit, kapanglawan, sirang mga buhay dahil sa bisyo, at mas maraming malungkot sa pamilya at ang bawat isa. Anong sagot ang iminumungkahi na tunay na magbabago sa sitwasyon ng bawat nilalang? Higit sa lahat, paano matatagpuan ng bawat isa at ng pamilya ang higi na kagalakan at higit na kasiguruhan? Sa mga kabataan, nakakatanda at mas matanda, saan matatagpuan ang daan sa tunay na kagalakan? Anong pag-asa ang mayroon duon?

**May Pag-asa!**

Sinasabi ng Diyos sa Bibliya:

***"Ngunit maligaya ang taong nananalig kay Yahweh, pagpapalain ang umaasa sa kanya." Jeremiah 17:7***



Sa pagkakasabing "pagpapalain " sinisiguro ng Diyos na ang taong tunay na magtitiwala sa kanya ay makakatagpo ng pagpapalang sagot sa bawat suliranin ng buhay. Sa makatang paraan, inihahayag niya kung ano ang magiging buhay ng tao.

***"Ang katulad niya'y halamang nakatanim sa tabi ng batisan, ang mga ugat ay patungo sa tubig; hindi ito manganganib kahit dumating ang tag-init, sapagkat mamamalaging luntian ang mga dahon nito kahit hindi umulan ay wala itong aalalahanin; patuloy pa rin itong mamumunga." Jeremiah 17:8***

Pinagtibay ng Diyos na ang taong natutong magtiwala sa kanya, tulad ng puno, mararanasang mainitan at 'matuyo.' Darapwat, hindi siya mag-aalala sapagkat ang kanyang 'ugat' ay malalim hanggang batis. Sa panahong mahirap siya ay mananariwa at uunlad sapagkat ang lakas niya ay galing sa Diyos. Marahil sasabihin ng iba, "Ako'y naniniwala sa Diyos, ngunit patuloy na naghihirap. Ano ang aking pagkukulang sa Diyos na hindi niya ako pinagpapala at pinagiginhawa?"

CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

**Ang Pag-aaral na Maaaring Magbago ng Buhay Mo**

Nasa kamay mo ngayon ang pag-aaral na maaaring magbago ng buhay mo. Ito ay kakaiba, bakasakali, sa ibang pag-aaral, tatlong dahilan. 1) Ang batayan ng pag-aaral na ito ay ang Bibliya lamang. 2) Ikaw ang mag-iisip. Ikaw ang magpapasya kung ano ang sinasabi ng Bibliya sa'yo. 3) Ang bunga ay buhay na tunay na binago sa buhay na pagpa-palain ng Diyos at tutulungan araw araw sa kakaibang paraan.

Ang pag-aaral ay batay sa dalawang mahalagang aklat ng Bibliya, ang Aklat ng Mga Awit at ang pagpapahayag ni Isaias.

MGA AWIT, AWIT NG PAG-ASA

Sa aklat na ito ng mga awit ng pag-asa mula sa mga lingkod ng Diyos, papatnubayan ka namin sa dalawang Awit. Nawa'y bigyan ka nito ng hangaring pagbulay-bulayan ang lahat ng 150 Awit, matagpuan ang kapayapaan, tiwala sa sarili, at gabay sa buhay. Gamitin ang Bibliyang napili. Payo namin na gumamit ng maka-bagong salin, yong madaling maunawaan, tulad ng makikita sa libritong ito.



Aming mungkahi na magnilaynilay araw araw sa Mga Awit. Sa susunod na dalawang pag-aaral, mauunawaan mo kung bakit ang Mga Awit ay para sa'yo at sa araw araw na buhay.

Unang Pag-aaral: Awit 34



**"Ipagtatanggol tayo ng Diyos"**
**Patotoo ng Isang Pinalaya sa Takot**


Awit 34, Talata 1-4
***[1] Si Yahweh ay aking laging pupurihin; sa pasasalamat di ako titigil. [2] Aking pupurihin***
***kanyang mga gawa, kayong naaapi, makinig, matuwa!. [3] Ang pagkadakila niya ay***
***ihayag at ang ngalan niya ay pupurihin ng lahat! [4] Ang aking dalangi'y dininig ng***
***Diyos, nawala sa akin ang lahat kong takot.***

1. Bakit ang mang-aawit ay nagpupuri sa Panginoon?
- ☐ Dininig ng Panginoon ang kanyang dasal.
- ☐ Pinalaya siya sa lahat ng kanyang takot.
- ☐ Hindi siya pinansin ng Panginoon.

***Mga Tinutulungan ng Panginoon***

Talata 5-7
***[5] Nagalak ang aping umasa sa kanya, pagkat di nabigo ang ang pag-asa nila. [6]***
***Tumatawag sa Diyos ang walang pag-asa, sila'y iniligtas sa hirap at dusa. [7] Angel***
***yaong bantay sa may takot sa Diyos, sa mga panganib, sila'y kinukupkop.***

2. Sino ang tinutulungan ng Panginoon?
- ☐ Silang lumalapit sa kanyang may pananampalataya.
- ☐ Silang umaamin sa kanilang kahirapan.
- ☐ Ang mayaman at ang nagmamalaki.
- ☐ Silang may paggalang sa Diyos.



3. Paano tinutulangan ng Panginoon ang mga lumalapit sa kanya?
- ☐ Nakikinig siyang maigi.
- ☐ Pinalalaya niya sila sa pagkabalisa.
- ☐ Ipinagtatagol sila ng kanyang prisensiya.
- ☐ Pinalalaya sa kapahamakan.
- ☐ Pinayayaman niya.

Talata 8
***[8] Ang galing ni Yaweh hanaping masikap, yaong nagtiwala sa kanya't naligtas ay***
***maituturing na taong mapalad.***

4. Ano ang paanyayang binibigay sa mga bumabasa ng mga Awit?
- ☐ Maging mas relihiyoso.
- ☐ Matagpuan sa sarili kung gaano kabuti ang Panginoon.
- ☐ Para matagpuan ang tunay na kagalakan, magtiwala sa Panginoon.



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

**Ang mga Pangako ng Diyos na Mag-aalaga sa Iyo**

Verses 9-14
***[9] Matakot kay Yahweh, kayo, kanyang bayan, nang makamtam ninyo ang lahat ng bagay.***
***[10] Kahit mga leon ay nagugutom din, sila'y nagkukulang sa hustong pagkain; ngunit ang***
***sinumang si Yahweh susundin, sa anumang bagay hindi kukulangin. [11] Lapit, ako'y dinggin***
***mga kaibigan at kayo ngayo'y aking tuturuan na ang Diyos ay dapat nating katakutan. [12]***
***Ang buhay masaya at mahabang buhay, di ba ninyo gustong inyong maranasan? [13]***
***Salitang mahalay at pagsisinungaling ay dapat iwasan at h'wag banggit. [14]***
***Mabuti ang gawi't masama'y layuan pagsikapang kamtin ang kapayapaan.***



5. Sino ang hindi magkukulang?
- ☐ Ang mayaman.
- ☐ Silang gumagalang sa Panginoon ng kanilang buhay.
- ☐ Silang mga sumuko sa Panginoon.
- ☐ Silang taos-puso lumalapit sa Diyos.

6. Paano natin pararangalan ang Panginoon at mamumuhay ng maayos?
- ☐ Sabihan ng masasakit na salita ang mga taong hindi siya pinararangalan.
- ☐ H'wag magsalita ng masama.
- ☐ H'wag magsinungaling at manloko.
- ☐ Lumayo sa masama at gumawa ng mabuti.
- ☐ Kapayapaan ang hanapin sa iba.

**Paano Inaalagaan ng Panginoon ang Kanya**

Talata 15-22
***[15] Kinupkop ng Diyos ang mga matuwid at ang taghoy nila'y kanyang diniridig. [16]***
***Nilipol niya yaong masasama hanggang mapawi sa isip ng madla. [17] Agad dinirinig daing***
***ng matuwid inililigtas sila sa mga panganib. [18] Tumutulong siya sa mga nasisiphayo ang***
***walang pag-asa'y hindi binibigo. [19] Ang taong matuwid, masuliranin man, sa tulong ni***
***Yahweh agad maiibsan. [20] Kukupkupin siya nang lubus-lubusan, kahit isang buto'y hindi***
***magagalaw. [21] Ngunit ang masama, ay kasamaan din sa taglay na buhay ang siyang***
***kikitil. [22] Mga lingkod niya'y kanyang ililigtas, sa napakukupko, siyang mag-iingat.***

7. Paano ipinakikita ng Panginoon ang magkalinga?
- ☐ Laging siyang nakatingin sa mga matuwid.
- ☐ Lagi siyang nakikinig sa mga daing ng kanyang lingkod.
- ☐ Hinahadlangan niya ang mga kaaway ng kanyang lingkod.
- ☐ Pinakikinggan ang mga dasal at pinalalaya sa pagkabalisa ang kanya.
- ☐ Inililigtas silang nawalan ng pag-asa sa buhay.
- ☐ Ang Panginoon sa kanyang kadakilaan ay hindi matulungan ang naghihirap.
- ☐ Inililigtas niya ang buhay ng mga naglilingkod sa kanya.
- ☐ Pinarurusahan ng Panginoon ang masama.
- ☐ Hindi pinarurusahan ng Panginoon ang mga nagtitiwala sa kanya.

8. Ayon sa huling pagbasa,
☐ Ang matuwid ay naghihirap sa maraming bagay.
☐ Ang matuwid ay hindi naghihirap sa mga pangunahing problema.

9. Sino ang pinakikingan at tinutulangan ng Panginoon?
☐ Ang matuwid.
☐ Silang naglilingkod sa Diyos.
☐ Mga bigo sa pag-ibig.
☐ Ang masasama.
☐ Silang nawalan na ng pag-asa.
☐ Silang nagtitiwala sa kanya.
☐ Silang nag-aakalang hindi nila kailangan ang Diyos.



10. Sa iyong palagay, ano ang pinakamabigat na problema ng taong kilala mo? Tapos, makikita mo ang listahan ng mga karaniwang problema. Pakimarkahan ang tatlong pinakamabigat na problema ayon sa iyong pananaw.
☐ Kapanglawan, kulang sa pang-unawa at kaibigan.
☐ Kulang sa layunin o pag-asa sa buhay.
☐ Pagpapasakit ng ibang tao.
☐ Kahirapan sa mga materyal na bagay.
☐ Sakit.
☐ Kamatayan.
☐ Paninibugho, pagkamuhi sa sarili.
☐ Kalungkutan sa pag-aasawa.
☐ Kulang sa pang-unawa sa pamilya.
☐ Kulang sa malusog o tamang pagsiping sa asawa.
☐ Walang trabaho.
☐ Resulta ng alak o bawal na gamot.
☐ Pagkabalisa sa hinaharap.
☐ Takot sa gulo at krimen.
☐ Kulang sa pamumuhay ng may pananampalataya, kulang sa malapit na relasyon sa Diyos.

11. Hindi sapilitan at personal na tanong: Kung matatanong mo ang Panginoon ng isang bagay para sa buhay mo, ano kaya ito?

Ngayon, ang unang pag-aaral ng seryeng ito ay tapos na. Bakit hindi mo subukang gawin ang mga natutunan mo at ilahad mo ngayon sa Panginoon ang mga problema ng buhay mo?

Marahil magandang gumawa ng isang lihim na talaan ng mga problema mo at ilahad mong lagi sa Diyos sa pagdarasal. Diringgin ba ng Diyos ang iyong dasal? Ibinibilang ka ba niyang isa sa mga banal? Kung may pag-aalinlangan ka tungkol dito, hilingin mo sa Panginoon na gabayan ka. Tunay na higit sa mga sumusunod na pag-aaral, na may hangong mga salita sa Bibliya ay makatutulong.



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

Ikalawang Pag-aaral Awit 37



**“Paano Matatagpuan ang Tunay na Kagalakan”**

Kaya tayong tulungan ng Diyos sa paglutas ng ating mga suliranin, subalit ang kagalakan ay higit pa sa paglutas ng iyong suliranin. Ang tunay na kagalakan ay pang-araw-araw na karanasan. Ito’y karanasang ayon sa natatanging gawa ng Diyos sa buhay natin.

Kapag tinatanong mo ang mga tao kung kamusta na sila, ang karaniwang malungkot na sagot nila ay “nakakaraos naman.” Minumungkahi ng Diyos na ang buhay natin ay higit pa duon. Subalit, para maabot ang tunay na kagalakan, ang isa’y dapat na mamuhay ayon sa lihim ng buhay na inihahayag ng Diyos sa kanyang mga salita. Sa mga Awit 37 inihayag maigi ng Panginoon kung paano matatagpuan ang tunay na kagalakan.

Talata 1-7

***[1] H’wag kang mabalisa dahil sa masama; H’wag mong kainggitan liko nilang gawa.***
***[2] Katulad ng damo, sila’y malalanta, tulad ng halaman, matutuyo sila. [3] Umasa***
***ka sa Diyos, ang mabuti’y gawin at mananahan kang ligtas sa lupain. [4] Sa Diyos mo***
***hanapin ang kaligayahan, at ang pangarap mo’y iyong makakamtan. [5] Ang iyong***
***sarili’y sa diyos mo ilagak, pag nagtiwala ka’y tutulungang ganap. [6]Ang kabutihan***
***mo ay magliliwanag, katulad ng araw kung tanghaling tapat. [7] Sa harap ng Diyos ay***
***pumanatag ka, maging matiyagang maghintay sa kanya.***

1. Upang makamtan ang kapayapaan at kapanatagan, kinakailangan na:

- ☐ Laging maghiganti.
- ☐ H’wag maingit sa mga gumagawa ng masama.
- ☐ Malamang ang gumagawa ng masama ay matutuyong parang damo.
- ☐ Manatiling tapat sa Panginoon at gawin ang tama.
- ☐ Mahalin ang Panginoon, nagtitiwala sa kanya.
- ☐ Ibigay ang buhay sa kamay ng Panginoon.
- ☐ Laging ipagtanggol ang sarili sa iba.
- ☐ Magtiwala sa Panginoon na ipagtatanggol ka niya sa tamang panahon.
- ☐ Tahimik sa harap ng Panginoon, matiyagang nag-iintay sa kanyang makapangyarihang tulong.

Talata 7b-15

***[7b] H’wag mong kaingitan ang gumiginhawa sa likong paraan, umunlad man sila. [8]***
***H’wag mapopoot ni mababalisa, iyang pagkagalit, iwasan mo sana; walang kabutihan na***
***makakamtan ka. [9] Ang nagtitiwala sa Diyos, mabubuhay, ligtas sa lupain at duon tatahan,***
***ngunit ang masama’y ipagtatabuyan. [10] Hindi magluluwat, sila’y mapaparam, kahit hanapin***
***mo’y di masusumpungan. [11] Ngunit ang maamo ay matitiwasay, at magiging ganap ang***
***kapayapaan. [12] Ang taong masama’y laban sa matuwid, napopoot siyang ngipi’y nangangalit.***
***[13] Ang Diyos nagtatawa lamang sa masama pagka’t alam niyang ito’y mawawala. [14] Taglay***
***ng masama’y pana at patalim upang ang mahirap dustai’t patayin, at ang mabubuti naman***
***ay lipulin. [15] Ngunit sa sariling tabak mamamatay pawang mawawasak pana nilang taglay.***



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

2. Ano ang pinagtitibay ng Bibliya sa atin patungkol sa mga masasama?

- ☐ Maaaring ang mga masasama ay sadaling magtatagumpay.
- ☐ Hindi mahalaga na maingit sa iba.
- ☐ Mabuti sa atin na hindi magalit dahil sa kanila.
- ☐ Tayo’y magtiwala sa Panginoon na sila’y mananagot.
- ☐ Hindi natin alam ang kahihinatnan ng mga masasama.
- ☐ Ang mga gamit ng mga masama ang sisira sa masama

3. Sa iyong sariling karanasan, o sa mga pahina ng kasaysayan, anong masasamang tao ang naghirap ayon sa inilalarawan dito na magiging kahihinatnan ng mga masasama. ___________
__________________________________________________________________________.

Talata 16-24

***[16] Kahit kakaunti ang salaping hawak ng taong matuwid, pagkat naghihirap,***
***Mahalaga ito sa yamang santambak ng mga masama, buuin mang lahat. [17] Pagkat***
***ang masama’y papanghinain, ngunit ang mabuti’y kakalingain. [18] Iingatan ng***
***Diyos yaong masunurin, ang lupang minana’y di na babawiin. [19] Kahit na sumapit***
***ang paghihikahos, di mararanasan nila ang pagdahop. [20] Ngunit ang masama’y***
***pawang mamamatay, kaaway ng Diyos, tiyak mapaparam tulad ng mga bulaklak at***
***mga halaman; para silang usok napapailanlang. [21] Anumang hiramin ng taong***
***masama, di na ibabalik sa kanyang kapwa, ngunit ang matuwid na puso’y dakila, ang***
***palad ay bukas at may pang-unawa. [22] Yaong mga taong pinagpala ng Diyos, ligtas***
***sa lupain na kanyang kaloob, ngunit ang sinuman na kanyang sumpain, sa lupaing iyon***
***ay palalayasin. [23] Ang gabay ng tao sa kanyang paglakad, ay itong si Yahweh, nang***
***upang maligtas; sa gawain niya ang Diyos ay nagagalak. [24] Kahit na mabuwal siya ay***
***babangon, pagkat ang alalay niya’y Panginoon.***

4. Sa mga talaang sumusunod, markahan ng letrang J ang sinasabing ‘matuwid’ ng Bibliya at letrang W naman sa sinasabing ‘masama’:

- ☐ Sila’y inaalagaan ng Panginoon.
- ☐ Sila’y gigibain ng Diyos.
- ☐ Makakatanggap ng walang hanggang mana.
- ☐ May sapat na makakain sa panahon ng kahirapan.
- ☐ Mananagot, maluwag na nagbibigay
- ☐ Humihiram ngunit di nagbabayad ng utang.
- ☐ Kanilang hakbang ay tinuturo ng Panginoon.
- ☐ Gawain nila’y kaaya-aya sa Panginoon.
- ☐ Masusunog na parang damong tuyo.
- ☐ Dumagsan man sa buhay, iaangat sila ng Panginoon.
- ☐ Hawak sila ng Panginoon sa kamay.

Talata 25-31

***[25] Matanda na ako't mulang pagkabata, sa tanang buhay ko'y walang nabalita na sa taong tapat, ang Diyos nagpabaya; o ang anak niya'y naging hampaslupa. [26] Sa lahat ng oras, bukas pa ang palad sa pagkakaloob sa mga mahirap; kapalaran niya ang nagiging anak. [27] Ang mabuti'y gawin, masama'y itakwil, at mananahan kang lagi sa lupain.. [28] Pagkat yaong bayang wasto ang gawin, ay mahal ni Yahweh, hindi itatakwil. Sila'y iingatan magpakailanman, ngunit ang masama ay ihihiwalay. [29] Ang mga matuwid, ligtas na titira at di na aalis sa lupang minana. [30] Ang mga mat'wid, madiwang mangusap at ang sinasabi nila'y pawang tumpak. [31] Ang utos ng Diyos ang nasasa puso, sa utos na ito'y hindi lumalayo.***

5. Ano ang kabuuang sinasaad ng mang-aawit?

- ☐ Sa tanang buhay niya, wala siyang nakitang tapat na pinabayaan.
- ☐ Ang mga alagad ng Diyos ay mapagbigay.
- ☐ Ang anak ng mga taong tapat sa Panginoon ay pagpapalain.
- ☐ Ang taong tapat ay ang mga tumatalikod sa masama.
- ☐ Iingatan ng Diyos silang tumatalima ng buong puso sa Salita ng Diyos.

Ang 'matuwid' na tao ay ang taong naiiba ang buhay sa iba - siya ay lumalakad sa tama. Ngunit, sa ating pagkukulang, iniisip natin kung paano ang Diyos, sa kanyang kadakilaan, ay tumitingin sa atin. Kapag binabasa natin ang mga Awit, at iba pang katulad, tinatanong natin ang sarili, "Ako ba'y itinuturing ng Diyos na matuwid o masama?"

Ang dalawang susunod na pag-aaral ay tumutugon sa mga katanungang ito at malinaw na sinasabing walang inaakalang 'matuwid' malibang gumawa ng natatanging bagay si Jesu-Cristo sa ating buhay. Niligtas tayo ni Cristo, ginawang matuwid, at hinayaang mamuhay ayon sa panukala ng Diyos.





CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com



## Ikatlong Pag-aaral: Isaiah 53

## "Pagpapahayag ng Pag-asa para sa mga Makasalanan"

Sigurado, marami sa ating mga suliranin ay dahil sa ating pagkakasala. Minsan ang pinakamalaking suliranin ay ginawa natin, hindi ng iba. Maling pasya; maling gawi, kahit alam natin kung paano ang mas maigi. Pinahihirapan natin ang ating mga sarili at ang ating mga minamahal. Naghihirap tayo dahil sa ating maling asal at nababalisa sa ating mga kahinaan.

Kung batid natin ang ating kasamaan, gaano pa kaya ang Banal na Diyos! Paano kaya ang Diyos, sa kanayang kabanalan, ay nagpapahalaga sa atin at tinatangap tayo bilang kanya - mga tunay na banal? Ayon sa Diyos, tayo'y matuwid at sino ang masama?

Umpisahan nating tuklasin ang mga sagot sa mga sumusunod na kabanata ng Isaias. Si Isaias ay tinawag na Prinsipe ng mga Propeta, dahil siya'y galing sa maharlikang ugat at dahil walang ibang propeta ang nagpahayag ng may kapangyarihan at kariktan tungkol sa buhay ni Jesu-Cristo at ang pagkamatay niya para sa ating mga kasalanan. Si Isaias ay 700 taong nabubuhay bago dumating si Jesus, ngunit inilarawan ang pagkamatay ni Cristo nang may kapangyarihan higit sa mga nakasaksi sa kanyang pagkapako. Sa kabanata 53, Inilarawan ni Isaias ang pagkamatay ni Cristo ngunit nilinaw niya ang kahalagahan ng kamatayang ito sa paraang maliliwanagan ang lahat ng bagay.

Talata 1

***[1] "Sino ang maniniwala sa ibinalita naming ito? Sino ang makapagpapatunay na pinahintulutan ito ni Yahweh?"***

1. Ano ang pagtataka ni Isaias ng maisip niya ang pahayag tungkol kay Cristo?
- ☐ Ang katotohanan ay hindi pangkaraniwan na ito'y mahirap paniwalaan ng kanyang mga tao.
- ☐ Ang kanyang pahayag ay patungkol sa isang tao, si Cristo, kung saan ang Diyos ay makikilala.
- ☐ Naisip ni Isaias na ang mensaheng ito ay payak na mauunawaan at paniniwalaan.

Talata 2 at 3

***[2] Kaloob ni Yahweh na ang kanyang lingkod ay matulad sa isang halamang natanim ng tuyong lupa, walang katangian o kagandahang makatawag-pansin, wala siyang taglay na pa-akit para lapitan siya.. [3] Hinamak siya ng mga tao at itinakwil. Nagdanas siya ng sakit at hirap. Wala man lang nagtapon ng sulyap sa kanya. Hindi natin siya pinansin, para siyang walang kabuluhan.***

2. Ayon kay Isaias, bakit kamangha-mangha ang kanyang pangitain tungkol sa Messias, ang Tagapagligtas, ang ipapadala ng Diyos upang iligtas ang kanyang mga lingkod? Dahil:
- ☐ Si Cristo'y hindi paparito ng mayaman o may kaluwalhatian tulad ng inaasahan natin sa isang hari.
- ☐ Maaaring si Cristo'y hindi gaanong kaaya-aya sa paningin.
- ☐ Tatanggapin siya ng mga tao ng may dakilang kagalakan.
- ☐ Kamumuhian siya ng mundo.
- ☐ Si Cristo'y tatanggihan ng mga tao.
- ☐ Pahihirapan ni Cristo ang lahat ng kanyang mga kaaway.
- ☐ Si Cristo'y maghihirap sa kamay ng mga kaaway.
- ☐ Kahihinatnan nito'y hindi siya papansinin ng mundo.



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

3. Sa iyong pananaw: Tama bang panggigilalas ni Isaias sa pangitain niya sa pagdating ng Mesias?

☐ Oo ☐ Hindi

4. Markahan ang mga parirala na tunay na nagpapahiwatig ng iyong pananaw: Ang iyong sagot o mga sagot ay tatanggapin yamang ito'y iyong pananaw.
- ☐ Naisip niya na ang Israel ay umaasa sa isang magarang Mesias, isang pinuno ng sandatahan, kapalit ng isang mapagpakumbabang karpintero.
- ☐ Naniniwala siyang dumating si Cristo ng may pagpapakumbaba upang ipakita ang kanyang kahabagan at pagmamahal sa mga aba at mahirap.
- ☐ Naniniwala siyang mali ang Diyos sa pagpapadala kay Cristo sa payak na paraan.
- ☐ Kung ipinadala ng Diyos si Cristo ng engrande at may kapangyarihan, maaari pang siya ay tatanggapin ng maraming mga tao.
- ☐ Sa pagtanggap kay Cristo kailangang may pagpapakumbaba at kalantayan ng puso.
- ☐ Kung naparito si Cristo ng may dakilang kapangyarihan, siguro'y tulad siya ng ibang mga hari o pinuno ng pamahalaan, na walang kapangyarihang baguhin ang puso ng mga tao.
- ☐ Ngayon, totoo marahil na halos lahat ng tao'y hindi parin alam kung paano tatanggapin si Cristo.
- ☐ Bilang isang hari ng bansa at namumuno sa buhay ng isang tao ay dalawang magkaibang bagay.

Talata 4-6

***[4] Tiniis niya ang hirap na tayo ang dapat magbata, gayon din ang kirot na tayo sana ang lumasap; akala natin ang dinanas niya'y parusa sa kanya ng Diyos.[5] Dahil sa ating mga kasalanan kaya siya nasugatan; siya ay binugbog dahil sa ating kasamaan. Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na tinamo niya at sa mga hampas na kanyang tinanggap. [6] Tayong lahat ay parang mga tupang naligaw; nagkanya-kanya tayo ng lakad. Ngunit inibig ni Yahweh na sa kanya ipataw ang parusang tayo ang dapat tumanggap.***

5. Markahan ang mga ginawang pagpapasakit ni Cristo para sa atin.
- ☐ Naging tulad natin, naranasan ang paghihirap ng buhay.
- ☐ Naghirap dahil sa sariling mga kasalanan.
- ☐ Sa halip, naghirap para sa ating mga kasalanan at maling gawain.
- ☐ Tinanggap niya, sa sarili, ang parusang nararapat para sa atin.



6. Ayon sa mga talatang ito, ano ang ginawa ng sangkatauhan?
- ☐ Inisip natin na si Cristo'y naghirap sa mga kamay ng Diyos, marahil siguro sa kanyang sariling mga kasalanan.
- ☐ Kumilos dahil sa paghihimagsik, humanap ng sariling paraan ng pamumuhay.
- ☐ Lahat tayo'y humingi ng tawad at tinanggap si Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas.

Talata 7-9

***[7] Siya ay binugbog at pinahirapan, ngunit di tumutol kahit kamunti man. [8] Nang siya'y hulihin, hatulan at dalhin sa dakong patayan, wala mang nangahas na ipagsanggalang, wala man lang dumamay, siya ay pinatay dahil sa sala ng sangkatauhan. [9] Siya'y inilibing na kasama ng masasama at mayayaman, bagaman wala siyang kasalanan o nagsabi man ng kasinungalingan.***

Habang binabasa mo ang mga salitang ito, alalahaning ito'y isinulat 700 taong bago si Cristo'y pinatay, nilibing at nabuhay na magmuli. Sa mga siglong iyon, ang mga Judio ay nagtaka kung sino ang tinutukoy ng propeta. Hindi nila maunawaan, sapagkat isang dakilang kababalaghan. Subalit ngayon ay hindi na. Isang natatanging pagkakataon na malaman na ang tinutukoy niya ay si Cristo, naparito upang maging tamang alay para sa mga kasalanan, kasama ang iyong mga kasalanan. Pag-aralan, para sa sarili, ang kahulugan ng siping ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na tanong:

7. Anong pangitain ang mayroon ang propeta sa darating na Cristo?

☐ Ang Panginoon ay maghihirap ng tahimik, ilalapit ng walang tutol sa parusa ng pagpako sa krus.
☐ Pagtanggi sa parusa ng pagpako sa krus.
☐ Ang Panginoon ay huhulihin at lilitisin, hindi patas at walang tagapagtanggol.
☐ Si Jesus ay parurusahan ng kamatayan dahil sa paghihimagsik ng mga tao.
☐ Ang taong may pananampalataya ay lalaban upang iligtas si Jesus.
☐ Si Cristo ay makararanas ng kamatayan para sa kasalanan kahit walang kasalanan.

Talata 10-12

***[10] Sinabi ni Yahweh, "Ang kanyang paghihirap ay kalooban ko; inihandog niya sa sarili upang sa pamamagitan noon ay magkaroon ng kapatawaran. Dahil dito'y mabubuhay siya nang matagal, makikita ang lahing susunod sa kanya. At sa pamamagitan niya'y maisasagawa ang aking panukala. [11] Pagkatapos ng pagdurusa, lalasap siya ng ligaya, malalaman niyang hindi nawalan ng kabuluhan ang kanyang pagtitiis. Ang aking tapat na lingkod at lubos kong kinalulugdan ang siyang tatangap ng parusa ng marami at alang-alang sa kanya sila'y aking patatawarin. [12] Dahil dito siya'y aking pararangalan, kasama ng mga dakila; pagkat kusang-loob niyang ibinibigay ang sarili at nilasap ang kaparusahan ng masama. Inako niya ang mga makasalanan at idinalanging sila'y patawarin.***

Ang kamatayan ni Jesus ay di dahil sa pagkabigo ng mga plano ng Diyos o sa kahinaan mismo ni Cristo. Si Jesus ay hindi biktima, bagkus siya ang banal na handog na ipinagkaloob ng Diyos sa kanila na tatangap sa kanya ng may pananampalataya bilang Panginoon at Tagapagligtas

8. Ano ang sinabi ng Diyos patungkol kay Cristo?

☐ Ang paghihirap ni Cristo para sa ating mga kasalanan ang magbibigay katwiran sa Diyos upang patawarin ang mga nagtiwala kay Cristo.
☐ Ang Panginoon, pagkatapos mamatay, ay mabubuhay muli, tatanawin ang kaligtasan ng mga susunod na 'lahi' silang nagmana ng kaligtasan na nakamtan nang mamatay si Cristo sa krus.
☐ Mabubuhay si Cristo ng walang hanggan, paraan kung saan ililigtas ng Diyos ang mga makasalanan.
☐ Ang nakalulungkot si Jesus ay namatay ng walang kabuluhan.
☐ Sa pamamagitan ni Cristo, LAHAT ay napawalang sala.
☐ Sa pamamagitan ni Cristo, MARAMI ang napawalang sala.
☐ Si Jesus, sa pagkamatay at pagkabuhay, ay itinaas ng Diyos, ang kanyang Ama, sa luklukan ng kataas-taasang karangalan.



Ang Apostol Pablo ay pumuna tungkol sa tagumpay ni Jesus laban sa kasalanan at kamatayan, sinabi

***[8]Siya'y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo hanggang kamatayan sa krus. [9] Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. [10] Anupat ang lahat ng nilalang na nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod at sasamba sa kanya. [11] At ipahahayag ng lahat na si Jesu-Cristo ang Panginoon, sa ikararangal ng Diyos Ama. Filipos 2:8-11***

9. Ayon kay Pablo, ano ang kahulugan ng pagkamatay ni Jesus?

☐ Ibig sabihin si Jesus ay isang mahinang biktima.
☐ Ibig sabihin na ang pagkamatay niya sa krus ay dahil sa lakas ng loob at pagsunod.
☐ Ito ang paraan kung saan itinaas siya ng Diyos ng higit sa langit, sa lupa at sa ilalim ng lupa.
☐ Ito ang dahilan kung bakit inuutusan tayo ng Diyos na lumuhod at aminin na si Jesus ang ating tunay na Tagapagligtas.

Si Pedro, ang Apostol, ay nagsalita sa pagkamatay at pagkabuhay ni Cristo, ipinaliwanag ng maigi ang sumusunod:

"Kay Jesu-Cristo lamang matatagpuan ang kaligtasan, sa pagkat sa silong ng langit, ang kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao." Gawa 4:12

10. Anong karapatan mayroon si Jesus ayon kay Pedro?

☐ Siguro kaya niya tayong iligtas sa ating mga kasalanan.
☐ Sa pangalan ni Jesus lamang tayo maliligtas.
☐ Ang pangalan ni Jesus ang ibinigay sa atin ng Diyos upang maligtas tayo sa ating mga kasalanan.
☐ Hiwalay sa pananampalataya kay Jesus at pagbibigay ng sarili sa kanya, walang kaligtasan.

11. Pagmumuni-muni: Pagkatapos ng iyong maiging pag-aaral sa aklat ng Isaias 53, ano ang palagay mo sa mga sumusunod?

Bakit namatay si Cristo sa krus? Bakit hindi siya tumanggi sa pagpako sa krus? Anong kaluguran ang nakamit ni Jesus sa kanyang kamatayan at pagkabuhay para sa mga nananampalataya sa kanya?

Gaano kalaking karapatan sa ating pang-araw-araw na buhay ang karapatdapat kay Cristo? Kaya ba ng Panginoong Jesus na iligtas tayo sa ating mga kasalanan? Tinanggap mo na ba si Cristo bilang iyong Panginoon at banal na handog para sa ating mga kasalanan? Maaaring patuloy kang nagdududa sa plano ng Diyos na iligtas ka.

Patuloy na kinakausap tayo ng Diyos ng mahinahon at may kahabagan sa pamamagitan ng Prinsipe ng mga Propeta, Isaias. Ang susunod na pag-aaral, ang huling serye, ay magiging pampasigla at pagmumulan ng iyong pag-asa

CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

Ikaapat na Pag-aaral: Isaias 55



## "Ang Dakilang Paanyaya sa Iyo ng Diyos"

Isaias 53:11a

***Pagkatapos ng pagdurusa, lalasap siya ng ligaya, malalaman niyang hindi nawalan ng kabuluhan ang kanyang pagtitiis…***

Maliwanag na sinabi ni Isaias, "…Ang aking tapat na lingkod at lubos kong kinalulugdan ang siyang tatanggap sa parusa ng marami at alang-alang sa kanya sila'y aking patatawarin." (Isaias 53:11b).

Dalawang bagay ang ipinakikita nito na higit na mahalaga:

A. Ang pagkamatay ni Cristo ang nagpawalang-sala sa marami, pinasan ang lahat ng kanilang mga kasalanan.
B. Ito'y para sa MARAMI at hindi sa LAHAT.

Ang tanong ng bawat isa ay, kasama ba ako sa 'marami' na pinawalang-sala sa dahil sa kanyang handog na pagkamatay? Papasanin ba niya ang lahat kong mga kasalanan upang maligtas ako? Ano ang dapat kong gawin upang makasama sa 'maraming' pinawalang-sala at pinatawad?

Ipinaliwanag sa kabanata 55 ng Isaias ang tungkol sa alinlangang ito. Ihanda ang sarili sa kaaya-ayang mga sorpresa!

Talata 1&2

***[1] Sinabi ni Yaweh, "Narito ang tubig, mga nauuhaw. Ang mga walang salapi ay kumuha rito at bumili ng pagkain. Halikayo at bumili ng alak at gatas, bumuli kayo ngunit walang bayad.[2] Bakit ginugugol ang salapi sa mga bagay na hindi nakakabusog? Bakit inuubos ang pera sa mga bagay na walang halaga? Makinig kayo sa akin at sundin ang utos ko at matitikman ninyo ang pinakamasarap na pagkain .***

1. Ano ang magandang balita ni Cristo sa dalawang talatang ito?

- ☐ Tinatawag tayo ng Diyos nang may pagmamahal.
- ☐ Kailangan nating magbayad ng malaki para sa kanyang pagpapala.
- ☐ Diin ng Diyos na ang pinakamagandang bagay ay binayaran na ni Cristo, at 'mabibili' natin ito ng walang salapi at ng walang halaga.
- ☐ Tinawag tayo ng Diyos mula sa pagkakamali at walang kwentang paghahanap ng kaligayahan.
- ☐ Ipinangako ng Diyos ang 'pagkain ng kaluluwa' kung atin lamang na pakikinggan siya, susunod sa kanyang Salita.


Talata 3-5

***[3] "Pumarito kayo, kayo ay lumapit at ako'y pakinggan, makinig sa akin nang kayo'y mabuhay; ako'y may gagawing walang hanggang tipan, at ipalalasap sa inyo ang pagpapalang ipinangako ko kay David. [4] Ginawa ko siyang hari at puno ng mga bansa at sa pamamagitan niya'y ipinamalas ang aking kapangyarihan. [5] Iyong tatawagin ang mga bansang hindi mo kilala, mga bansang di ka kilala'y sa iyo pupunta, dahilan kay Yahweh, Banal ng Israel, ang Diyos na nagpala't sa iyo'y dumakila."***



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

Ilang bahagi ng pariralang ito'y mahirap maunawaan, sapagkat halo ang kahapon sa hinaharap. Nangungusap ang Diyos sa kanyang mga lingkod tungkol sa walang hanggang buhay na ibibigay niya sa pamamagitan ng walang hanggang kasunduan, ang katuparan ng kasunduang ipinangako ng Diyos kay David. Ipinangako ng Diyos na ang Mesias ay magmumula sa lahi ni David. Ang dakilang pangako ng Diyos kay David ay matutupad ng buo sa Mesias, na kung tawagin ay Cristo. Si Jesus ay hindi lamang magiging ang Cristo ng Israel, ngunit tatawagin niya ang mga hindi kilalang mga tao, mga taong hindi Judio. At ang mga taong ito'y tatakbo sa Mesias, tinatanggap nila bilang Panginoon.



Sa kabuoan, si Cristo ay tapat hanggang kamatayan, kamatayan sa krus, at sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at pagkabuhay na magmuli, maaari ng maligtas ang mga makasalanan. Hindi lamang para sa mga makasalanang Israel, ngunit para sa lahat, hindi nakatingin sa bansang pinangalingan. Sa mga tumatanggap kay Cristo bilang Panginoon ay kabilang sa isang banal na 'bansa,' ito ang kaharian ng Diyos kung saan si Cristo ang kataas-taasang Hari. Ang Diyos Ama, ang nagbigay ng karangalang at kadakilaan kay Cristo Jesus, mula sa lahi ni David, ang kaibigan ng Diyos. Tayo'y pumapasok sa bagong kasunduan sa Diyos nang tanggapin natin ang kanyang Anak bilang ating Hari at Panginoon ng ating buhay.

***Talata 6 & 7***

***[6] Hanapin si Yahweh samantalang siya'y iyong makikita, siya ay tawagin habang malapit pa. [7] Ang mga gawain ng taong masama'y dapat nang talikdan, at ang mga liko'y dapat magbago na ng maling isipan; sila'y manunubalik, lumapit kay Yahweh upang kahabagan, at mula sa Diyos, matatamo nila ang kapatawaran.***

2. Ano ang utos ng Diyos sa mga nagnanais ng buhay na walang hanggan?

- ☐ Hanapin ang Panginoon habang may pagkakataon pa.
- ☐ Tumawag sa Panginoon ngayon sapagkat siya'y malapit.
- ☐ Tumalikod sa masamang gawain, mga gawain ng paghihimagsik laban sa Diyos at kay Cristo.
- ☐ Talikdan ang mga iniisip, mga plano at kaugaliang laban sa Salita ng Diyos.
- ☐ Walang mga kautusan. Hinahayaan tayo ng Diyos na mamuhay at maniwala sa paraang naisin.

Talata 8 & 9

***[8] Ang wika ni Yahweh: "Ang aking isipa'y di ninyo isipan, at magkaiba ang ating daan." [9] Kung paanong ang langit higit na mataas, mataas sa lupa, ang daa't isip ko'y hindi maaabot ng inyong akala.***

3. Ano ang sinasabi ng Diyos sa kanyang sarili sa mga talatang ito?

- ☐ Sabi niya na siya ay malapit sa'yo.
- ☐ Sabi niya na matatagpuan mo siya.
- ☐ Sabi niya na mahahabagin siya sa mga naglilingkod sa kanya.
- ☐ Sabi niya na siya'y sagana sa pagpapatawad, maging ang mga mahihirap na makasalanan.
- ☐ Sabi niya na ang kanyang pag-iisip at paraan ay higit na maayos kaysa sa atin.
- ☐ Sabi niya na tatanggapin niya ang lahat ng paniniwalaan ng mga tao.

***Talata 10-11***
***[10] Ang ulan at Niyebe paglagpak sa lupa'y di na nagbabalik, aagos na ito sa balat ng lupa't nagiging pandilig, kaya may pagkai't butil na panghasik. [11] Ganyan din ang aking mga salita, magaganap nito ang lahat kong nasa.***

Mahal kong mag-aaral, sa mga araw na ito binuksan ninyo ang inyong mga puso sa tinig ng Diyos na lumalapit sa atin sa pamamagitan ng kanyang Banal na Salita. Nais ng Diyos na kausapin ka, at sa pamamagitan ng kanyang mga salitang ito, na gawa niya. Ano ang iyong sagot sa matamis na tinig ng Diyos?

4. Ano ang sinasabi ng Diyos sa pakikipag-usap niya sa'yo sa pamamagitan ng kanyang Banal na Salita?
- ☐ Ang kanyang Salita ay parang ulan at niyebe na galing sa langit.
- ☐ Ang Salita ng Diyos ay naghahatid ng buhay at pag-asa saan man ito dalin.
- ☐ Ang Salita ng Diyos ay nagpapabusilak ng walang hanggang buhay ng mga tumanggap nito, tulad ng ulan na nagpapalago sa lupa.
- ☐ Ang Salita ng Diyos ay isang maka-lupang pilosopiya.
- ☐ Ang Salita ng Diyos ay hindi papasok sa puso ng walang kabuluhan at kung may pusong tatanggap, bubusilak ang walang hanggang buhay.

5. Sariling Pagsusuri: Paano mo tinanggap ang Salita ng Diyos na nasasaad sa pag-aaral na ito?
- ☐ Hindi ko maintindihan.
- ☐ May pag-aalinlangan akong ang Bibliya ang Salita ng Diyos.
- ☐ Nauunawaan ko, subalit naniniwala akong tatanggapin ko kung kailan ko ibig
- ☐ Sumigla ang pananampalataya ko kay Jesu-Cristo, na tinggap ko bilang aking Panginoon at Tagapagligtas
- ☐ Tinulungan ang aking pananampalataya kay Jesus, at gusto kong patuloy na marinig ang salita ng Diyos, lalo pang pag-aralan ang kanyang Salita.

Ano ang mga plano ng Diyos sa mga tumanggap sa kanya ng buong pananampalataya, tinatanggap ang kanyang mga Salita at si Jesu-Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas? Nagwakas si Isaias sa kabanatang ito nang may kadakilaan para sa mga nagpasyang mamuhay sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya at katapatan kay Jesu-Cristo. Basahin!

Talata 12 & 13
***[12] "May galak na inyong lilisanin ang Babilonia, mapayapa kayong aakayin palabas ng lunsod. Aawit sa tuwa ang bundok at burol, sisigaw sa galak ang mga punong kahoy. [13] Sa halip na dawag, kahoy na mayabong ang siyang tutubo, mga kakahuyan ay muling darami at magsisilago. Ang lahat ng ito'y ikadarakila ng ngalan mo Yahweh, walang hanggang tanda ng kanyang paglingap at pagkakandili."***

6. Markahan ang mga katotohanang makikita sa makatang pariralang ito:
- ☐ Silang mga tumanggap kay Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas at malaya na sa 'mga lugar ng kahirapan' - mga bagay sa buhay nila na nagpapahirap.
- ☐ Pagtanggap sa kaharian ng Diyos na nagbibigay ng kaginhawahan sa mga papasok, magiging mapagpakumbabang alagad ng Panginoon.
- ☐ Ang malaman ang kapatawaran ng Diyos at tanggapin ito'y walang kabuluhan.
- ☐ Ang bagong buhay ng isang tao'y nagdudulot ng kaligayahan ng iba.
- ☐ Ang buhay ng isang tao na kay Cristo ay buhay na may kariktan at kagandahan sa lugar ng mga tinik.
- ☐ Ang Diyos mismo ang nagbabago at nagpapala sa isang taong inihandog ang buhay sa kanya at ang pagbabago ay nagdadala ng kadakilaang sa Diyos.



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

## Ano ang Gagawin Ngayon

Kung ang pag-aaral ng mga pangako ng Diyos ay nagbago o hindi ng buhay mo, maaaring ito'y nakasalalay sa gagawin mo ngayon. Minumungkahi namin ang apat na bagay na magagawa mo:

1. Sabihin mo sa taong nagbigay sa iyo ng araling ito na natapos mo na at gusto mong makatanggap ng sertipiko.
2. Ibahagi agad sa ibang tao kung paanong nagbago ang buhay mo dahil sa mga pangakong ito.
3. Imungkahing ikaw ay tutulong sa kasambahay o kaibigan sa pag-aralan nila sa polyetong ito. Humingi ng libreng kopya sa taong nagbigay sa'yo nito.
4. Humingi ng isa pang pag-aaral sa Bibliya na katulad nito. Isa sa tanyag ay ang pinamagatang "Mga Taong Nakakakilala kay Jesus."

Ang Kampanya sa Pagbabasa ng Bibliya ay masayang ibinabahagi ang mga pag-aaral na ito, nawa'y higit na pagpalain ang iyong buhay. Ang iba pang katulad ng pag-aaral na ito ay nakahanda, halos lahat ay may anim na mga pangyayari sa Bibliya na may papapaliwanag at maaktibong mga tanong na makatutulong upang maging masigla at maunawaan mo ang Bibliya. Ito'y ang mga:

Danadaig ang Kalungkutan
Nakaligtas sa Pagod
Tunay na Kagandahan
Mga Taong Nakakakilala kay Jesus
Nasaan ang Diyos Kapag Kailangan Ko Siya?
Kakaibang Paraan ng Diyos sa Tagumpay

Sa mga taong nag-aalala sa kanilang katayuan sa Diyos, malugod kaming magpapadala ng mga libreng kopya ng maikling pag-aaral ng Bibliyang ito na pinamagatang "Pagsusulit ng Diyos sa Buhay na Walang Hanggang."

Pambansang Kampanya sa Pag-aaral ng Bibliya
P. O. Box 177
Henrietta, TX 76365